Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sa pagsilang ng Panginoon, umawit ang koro ng mga anghel:
Purihin ang ating Diyos na nakaluklok bilang Hari at Kordero.

## Pangkalahatang Panalangin

Manalangin tayo kay Kristo, na siyang niloob ng Ama na magpanibago sa lahat ng bagay:

— Pinakamamahal na Anak ng Diyos, pakinggan mo kami.

Anak ng Diyos, kasama ka na ng Ama noon pa mang simula at sa takdang panahon ay naging tao,
ipagkaloob sa amin ang pag-ibig na nararapat sa magkakapatid para sa lahat ng tao.

— Pinakamamahal na Anak ng Diyos, pakinggan mo kami.

Naging dukha ka upang kami'y pagyamanin; ibinaba mo ang iyong sarili upang kami'y itaas sa pamamagitan ng iyong kababaang-loob at sa gayo'y makihati kami sa kadakilaan mo,
gawin kaming matatapat na lingkod ng iyong Ebanghelyo.

— Pinakamamahal na Anak ng Diyos, pakinggan mo kami.

Nagningning ka sa mga nanahan sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan,
pagkalooban mo kami ng kabanalan, katarungan at kapayapaan.

— Pinakamamahal na Anak ng Diyos, pakinggan mo kami.

Bigyan kami ng pusong matuwid at matapat, upang makapakinig kami sa iyong Salita,
at gawin itong ganap sa amin at sa daigdig para sa iyong ikadarakila.

— Pinakamamahal na Anak ng Diyos, pakinggan mo kami.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo

